# Maging Handang RedCross

## Checklist para sa Kaligtasan sa Mabilis Kumalat na Sunog

**Parami nang paraming tao ang namamahay sa luga ng kagubatan, mga rural na lugar o malalayong lugar sa may bundok. Doon, ang mga residente ay nakakatamasa ng kagandahan ng kapaligiran ngunit humaharap sa tunay na peligro ng mabilis na kumakalat na sunog. Ang mga napakalaking sunog ay nagsisimula nang hindi napapansin. Ito ay mabilis na kumakalat, nagsisindi ng damuhan, mga puno at mga tahanan. Sa bawat mabilis na kumakalat na sunog, mahalaga ang bawat segundo!**

### Mga supply na dadalhin kapag kailangang lumisan:

• Tubig—isang galon bawat tao, bawat araw(3-araw na supply) • Pagkain—hindi napapanis, madaling ihandang bagay (3-araw na suppl) • Flashlight • Radyong de-baterya o pinipihit ng kamay(NOAA Weather Radio, kung posible) • Mga ekstrang baterya • Kit para sa paunang lunas • Mga gamot (pang 7-araw na supply) at medikal na kagamitan items • Tool para sa iba't-ibang paggagamitan • Mga gamit panlinis at pampersonal na kalinisan • Mga kopya ng personal na dokumento (listahan ng gamot, mahalagang impormasyong medikal, katibayan ng address, titulo/kontrata sa bahay, mga pasaporte, mga sertipiko ng kapanganakan, mga polisa ng seguro) • Mga cell phone na may charger • Impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa pamilya at emerhensiya • Ekstrang pera • Pang-emerhensiyang kumot • (Mga) mapa ng lugar • Iba pang mahalagang bagay na hindi mapapalitan kapag nasira

### Ano ang aking dapat gawin upang maghanda nang maaga?



- ❐ Alamin ang peligro na mabilis na kumakalat na sunog sa inyong lugar.
- ❐ Kausapin ang mga miyembro ng inyong tahanan tungkol sa mabilis na kumakalat na sunog—paano ito maiiwasan at ano ang gagawin kung ito ay naganap.
- ❐ Maglagay ng mga numero ng emerhensiya sa bawat telepono sa inyong tahanan.
- ❐ Siguruhin na ang pasukan ng sasakyan at ang numero ng inyong bahay o address ay maayos na nakamarka.
- ❐ Tukuyin at magpanatili ng sapat na pagkukunan ng tubig sa labas ng inyong tahanan, katulad ng maliit na pond, cistern, balon o swimming pool.
- ❐ Itabi ang mga gamit sa bahay na maaaring gamitin bilang kagamitan panlaban sa sunog: kalaykay, palakol, lagare o chain saw, balde at pala. Maaring kailanganin mong labanan ang maliliit na apoy bago dumating ang mga tumutugon sa emerhensiya.
- ❐ Pumili ng mga materyales na panggawa at mga tanim na lumalaban sa apoy.
- ❐ Regular na maglinis ng mga bubong at mga alulod.

**Magplano nang maaga at manatiling ligtas kung posible sa panahong ng mabilis na kumakalat na sunog.**

- ❐ Magplano at magsanay nang dalawang daan palabas ng inyong kapitbahayan sakaling ang pangunahing ruta ay barado.
- ❐ Pumili ng lugar para pagkitaan ng mga miyembro ng pamilya sakaling hindi ka makakauwi o kailangang lumisan.
- ❐ Magtukoy ng tao na wala sa lugar na maaaring maging kaugnay kung ang lokal na mga linya ng telepono ay hindi gumagana.

### Ano ang aking dapat gawin sakaling May mga ulat ng mabilis na kumakalat na sunog sa aking lugar?



- ❐ Maging handand umalis agad.
- ❐ Makinig sa lokal na istasyon ng radyo at telebisyon para sa bagong impormasyon sa emerhensiya.
- ❐ Laging ipasok nang paatras ang inyong kotse sa garahe o iparada ito sa bukas na lugar na nakaharap sa direksiyon ng pagtakas.
- ❐ Ilagay ang mga alagang hayop sa isang kuwarto para mahanap sila kung kailangang mabilis na lumisan.
- ❐ Makipag-ayos ng pansamantalang tirahan sa bahay ng kaibigan o kamag-anak sa labas ng pinagbabantaang lugar.

**Limitahin ang pagkalantad sa usok at alikabok.**

- ❐ Makinig at manood ng mga ulat sa kalidad ng hangin at mga babala sa kalusugan tungkol sa usok.
- ❐ Panatiliing malinis ang panloob na hangin sa pamamagitan ng pagsara ng mga bintana at pintuan upang maiwasan ang pagpasok ng usok.
- ❐ Gamitin ang resiklo o paikutin na moda ng air condition sa inyong tahanan o kotse. Kung wala kang air condition at masyadong mainit na manatili sa loob nang sarado ang mga bintana, sumilong sa ibang lugar.
- ❐ Kapag mataas ang mga lebel ng usok, huwag gumamit ng anumang nasusunog o nagdadagdag sa panloob na polusyon ng hangin katulad ng mga kandila, apuyan at mga kalan. Huwag mag-vacuum dahil iniikot nito ang maliliit na bahagi na nasa loob na ng bahay mo.
- ❐ Kung may hika ka o ibang sakit sa baga, sundin ang payo ng iyong tagapag-alaga ng kalusugan at kumuha agad ng alagang medikal kung lumala ang iyong mga sintomas.

### Pag-uwi matapos ang mabilis na kumakalat na sunog ...



- ❐ Huwag pumasok sa inyong bahay hangga't hindi sinasabi ng mga opisyal na ligtas na.
- ❐ Mag-ingat sa pagpasok sa mga nasunog na lugar dahil maaaring may mga peligro pa rin, kasama ang mga nakakapasong lugar na maaaring sumiklab nang walang babala.
- ❐ Iwasan ang mga nasira o nahulog na linya ng koryente, mga poste at napatid na mga kable.
- ❐ Manmanan ang mga butas na may abo at markahan ito para sa kaligtasan—babalaan ang mga pamilya at kapitbahay na lumayo sa butas.
- ❐ Bantayan nang malapitan ang mga hayop at panatiliin silang nasa pangangasiwa mo. Ang mga nakatagong baga at nakakapasong lugar ay maaaring makasunog sa kanilang paa o hoof.
- ❐ Sundin ang pampublikong gabay sa kalusugan sa paglinish ng abo at ligtas na paggamit ng mga maskara.
- ❐ Basain ang mga sukal upang mabawasan ang paghinga ng alikabok.
- ❐ Magsuot ng balat na guwantes at sapatos na makapal ang suwelas upang protektahan ang kamay at paa.
- ❐ Ang mga produktong panlinis, pintura, nasirang lalagyabn ng langis ay kailangang itapon upang maiwasan ang peligro.

**Siguruhing ligtas ang inyong pagkain at tubig.**

- ❐ Itapon ang anumang pagkain na nalantad sa init, usok o abo.
- ❐ HUWAG gagamitin ang tubig na sa iyong palagay ay kontaminado upang ipanlinis ng pinggan, pangsepilyo, panghugas ng kamay, panggawa ng yelo o pantimpla ng gatas ng sanggol.

### Ipaalam sa Iyong Pamilya na Ikaw ay Ligtas

Kung ang inyong komunidad ay nakaranas ng wild fire, o anumang sakuna, magrehistro sa American Red Cross Safe and Well na Web site makukuha sa pamamagitan ng **RedCross.org/SafeandWell** upang ipaalam sa iyong mga pamilya at mga kaibigan ang iyong kapakanan. Kung wala kang access sa Internet, tumawag sa **1-866-GET-INFO** upang irehistro ang iyong sarili at ang pamilya mo.

American Red Cross

Para sa higit pang impormasyon sa sakuna at pagkahanda sa emerhensiya, bumisita sa **RedCross.org**.

Karapatang-ari © 2009 ng American National Red Cross